

Ipinakikilala ng Lungsod ang bagong brand ng turismo ng Brampton sa Linggo ng Turismo

BRAMPTON, ON (Hunyo 2, 2022) – Kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang May 02-04 hanggang Hunyo 4 bilang Linggo ng Turismo, kung saan ang katangi-tanging mga tao at negosyo sa sektor ng Turismo ay kinikilala para sa papel na ginagampanan nila sa pagpapasama-sama sa mga indibidwal para mag-enjoy sa walang katulad na mga karanasan. Ang Linggo ng Turismo ay isang pambansang event na isang linggo ang haba na umaayon sa mga organisasyon ng turismo, mga negosyo, at ibang mga partner sa pagtataguyod ng kontribusyon ng industriya sa ekonomiya at mga komunidad ng Canada.

Sa Linggo ng Turismo na ito, ang Tanggapan ng Turismo ng Lungsod ng Brampton ay excited na ilunsad ang sinariwang Experience Brampton brand bilang bahagi ng limang taon ng [Tourism Marketing Strategy](#). Ang multi-faceted na programang ito ay dinisenyo para mas palakasin at itaguyod ang Brampton bilang isang masiglang destinasyon ng turismo na may maraming maiaalok, lalo na sa mga parte ng sining at kultura, turismo sa pagkain at turismo sa sports.

Ang brand ng turismo ay tumutuon sa tatlong haligi:

- **Isang lungsod na dumarating nang sarili nito.** Ang Brampton ay ang pansiyam na pinakamalalaking sentro ng urban at pangalawa sa pinakamabibilis na lumalaking lungsod sa Canada. Mula sa heritage at kultural na mga asset sa turismo sa sport, espesyal na mga event, at katangi-tanging hindi nadidiskubre at underrated na mga karanasan sa pagkain, ang Brampton ay isang destinasyon na umaangat at handang ianunsyo ang sarili nito sa mundo.
- **Isang multi-kultural na destinasyon.** Ang Brampton ay isang Mosaic na may higit sa 200 iba't ibang komunidad na nagpapaganda sa lungsod at halos 90 iba't ibang wikang sinasalita. Ang Brampton ay kapansin-pansing diverse na lugar para bisitahin at ipagdiwang. Ang mga panauhin ay makakaasa ng malawak na halo ng mga tao, mga kultura ng mundo, at mga karanasan na nagpapasigla sa kaisipan at mga pakiramdam.
- **Isang hindi gaanong nasasaliksik ay hindi gaanong nahahangaang destinasyon ng culinary.** Ang pagkain ay isang likas na ekspresyon ng kultura, at ang Brampton ay kilala na isang lugar lung saan matatagpuan ang pandaigdigang mga cuisine na nagbibigay ng tour ng pagkain ng mundo sa iisang lungsod.

Ang logo ng Experience Brampton ay sinariwa para ipagsama sa isang bahaghari ng kulay na naglalarawan sa pagiging masigla ng lungsod at ang masama, kapana-panabik na destinasyon kung ano ang Brampton.

Upang mas itaguyod ang Brampton bilang isang destinasyon na pinili ng mga residente at mga bisita, nananabik ang tanggapan ng Turismo na ipakilala ang programang Brambassador; isang team ng mga volunteer na dadalo sa mga event at lokasyon sa lungsod para itaguyod ang Brampton at bigyang kaalaman ang mga residente at bisita tungkol sa malawak na hanay ng mga amenidad, atraksyon, at restawran na available. Ang papel ng Brambassador ay isang magandang pagkakataon para sa mga nagtataguyod sa Brampton na ipalaganap ang kanilang pagmamahal sa lungsod at hikayatin ang iba na bisitahin at danasin ang lahat ng maiaalok ng Brampton. Ang mga interesadong aplikante ay iniimbitahan na ibahagi ang kanilang ekspresyon ng interes sa summer na ito.

Sinusuportahan ng Lungsod ng Brampton ang limang taon na [Tourism Strategy](#) noong [Abril 2021](#), na naglalayon na gawing destinasyon ng turismo ang Brampton, palawakin at itayo ang lokal na ekonomiya, at upang itaguyod ang pagmamalaki sa lugar ng mga residente. Ang strategy ay nilikha kasama ang Bannikin Travel and Tourism.

Mga Quote

“Ipinagmamalaki ng Lungsod ng Brampton na kilalanin ang Linggo ng Turismo at ang mahalagang papel na ginagampanan ng ating sektor sa turismo sa pagsasabi sa ating kuwento at pagpapalahok sa mga residente at mga bisita, lalo na ngayong muli tayong nagbubukas. Hinihikayat ko ang lahat na bisitahin an gating magandang lungsod para tunay na maranasan ang lahat ng maiaalok ng Brampton. .”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Mosaic na mahal natin at ipinagdiriwang natin, at isang masiglang lugar para bisitahin at danasin ng mga tao para sa kanilang mga sarili. Mula sa mga diverse festival at event hanggang sa masiglang esena ng pagkain, ang Brampton ay ang tamang lugar.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Estratehiya ng Turismo ng Lungsod ng Brampton ay committed sa pagdiriwang sa lungsod na ito at pagtataguyod ng isang masiglang destinasyon na pipiliin. Ang mga haligi ng estratehiya sa marketing ay nagma-highlight sa kung ano ang alam na ng mga residente: na ang Brampton ay isang Mosaic ng kultura at mga karanasan. Inaasahan kong makita ang ating bagong Brambassador team na ipinapakalat ang salita at itinataguyod itong magandang lungsod.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca